
6

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-impormasyon at Usapan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maribel M. Baltar |
| **Editor:** | Francisca L. Pinos |
| | Lawrence B. Aytona |
| **Tagasuri:** | Marijo N. Panuncio |
| | Ma. Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Rolan B. Bulaclac |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Esmeralda A. Dagmil |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-impormasyon at Usapan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/ Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-impormasyon at Usapan.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Kumusta, kaibigan!

Isang panibagong paglalakbay na naman ang iyong kahaharapin ngayon nasa ika-6 na baitang ka na ng iyong pag-aaral. Ngunit, huwag kang mag-alala dahil sa paglalakbay mong ito, ako ang iyong makasasama.

Hindi ka rin mahihirapan sa pag-aaral mo dahil ang modyul na ito ay isinulat batay sa iyong kakayahan. Tiyak na ang mga pag-aaralan mo ay iyong kapapanabikan lalo na't ito ay mga babasahing pupukaw ng iyong kaisipan at interes.

Pagkatapos naman ng ating paglalakbay, ikaw ay inaasahang:

- nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan. (**F6PN-Ia-g-3.1, F6PN-Ia-g-3.1, F6PB-Ic-e-3.1.2, F6PN-Ia-g-3.1)**

Handa ka na bang maglakbay?

Subukin muna natin ang iyong kaalaman tungkol sa pag-aaral na ating gagawin.

Nakapagbasa ka na ba ng kuwento kung saan ang mga tauhan ay mga hayop na kumikilos at nagsasalita na parang tao? Alam mo ba kung anong uri ito ng babasahin? Tama! Ang tawag dito ay pabula.

## *Subukin*

Basahin mo ang isang pabula at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

**Si Manoka**

Sa isang liblib na pook ay may nakatirang pamilya ng mga manok. Simple, masaya at puno ng pagmamahal ang kanilang maliit na tirahan.

Mapagmahal na ama si Tandang Diro at responsableng asawa si Inahing Nika. May lima silang anak, si Manoka ang panganay na kapag wala ang mga magulang, siya ang napag-iiwanan ng mga kapatid.

Isang araw maagang umalis ang mag-asawa upang dumayo sa anihan ng mais sa karatig bayan. Pinagbilinan ng ama na bantayan at pakainin ang mga kapatid. Nagluto na si Manoka. Inisa-isa niyang ginising ang mga kapatid, laking pagtataka niya wala ang bunso niyang kapatid. Iniwan ang iba pang mga kapatid habang kumakain. Tanong dito, tanong doon ang ginawa niya ngunit ni isa man ay walang makakapagturo dito hanggang siya'y makarinig ng isang boses na tumatawa at malakas na nagsasalita, "Diyan ka nababagay munting sisiw, sa kumunoy, hanggang sa ika'y malunod, ha! ha! ha!," malakas na tawa ni Asong Malupit. Lumapit si Manoka, nakita niya si Mikmik, ang bunso nilang kapatid umiiyak at parang takot na takot. Naghanap si Manoka ng mahabang kahoy at inihampas niya ito sa nakabungisngis na aso. "Malupit ka!, buong lakas na hinampas niya ang aso hanggang kumaripas ito ng takbo. "Yeheey! Ligtas na ako, iniligtas ako ng Ate Manoka ko," buong kasiyahang niyakap ni Mikmik ang ateng tagapagligtas niya.

***Sariling Katha ni Marijo Panuncio***

**Mga tanong:**

1. Ano ang pamagat ng nabasang pabula?

   A. Si Manoka
   B. Ang Tandang
   C. Ang Asong Malupit
   D.Ang Magkapatid na Manok

2. Sino ang mapagmahal at masunurin na tagapag-alaga ng kaniyang mga kapatid?
   A. Si Daga
   B. Si Mikmik
   C. Si Manoka
   D. Si Asong Malupit

3. Sino-sino ang naghahanap ng pagkain para sa pamilya ni Manoka?
   A. Si Asong Malupit
   B. Sina Manoka at Mikmik
   C. Si Manoka at mga kapatid
   D. Sina Tandang Diro at Inahing Nika

4. Ano ang gawain ni Manoka kapag wala ang mga magulang sa bahay?
   A. Naglalaro sa labas ng bahay.
   B. Hinahayaan ang mga kapatid sa kalsada.
   C. Hindi binibigyan ng pagkain ang mga kapatid.
   D. Nagluluto, nagbabantay at nagpapakain sa mga kapatid.

5. Kailan nalaman ni Manoka na nawawala ang kaniyang bunsong kapatid?
   A. Nakita niya na lumabas si Mikmik.
   B. Pagkatapos na siya ay naglalaro sa labas ng bahay.
   C. Gigisingin na niya ang mga kapatid para sa kumain.
   D. Pagkagising nakita niya wala na sa higaan ang kapatid.


6. Kaninong malakas na boses ang narinig ni Manoka habang siya'y papalapit kumunoy?
   A. Boses ni Pusang Malupit.
   B. Boses ni Asong Malupit.
   C. Tinig ng Maamong Kambing
   D. Tinig ng Maamong Kalabaw.

7. Ano ang sinabi ni Asong Malupit sa kapatid ni Manoka na nagpasidhi ng galit niya sa aso?
   A. “Halika! Kumapit ka ng mabuti iaahon kita sa putikan.”
   B. “Tanggalin mo ang tinik sa likod ko, parang awa mo.”
   C. “Naku! Nahulog ang Sisiw ,kawawa naman tulungan ninyo.”
   D. “Diyan ka nababagay munting sisiw, sa kumunoy, hanggang sa ika’y malunod, ha!ha!ha!.”

8. Bakit umiyak nang sobra at takot na takot si Mikmik ng nadatnan ni Manoka?
   A. Pinapalo ng Asong Malupit si Mikmik ng kahoy.
   B. Inilublob sa kumunoy ng Asong Malupit si Mikmik.
   C. Kinakagatkagat ng Asong Malupit ang paa ni Mikmik.
   D. Napilayan ang paa ni Mikmik sa katatakbo nang hinabol ni Asong Malupit.

9. Paano nakaligtas si Mikmik sa ginawa ng Asong Malupit sa kaniya?
   A. Mabilis na nakadampot ng mahabang kahoy at hinampas sa Asong Malupit na kumaripas ng takbo.
   B. Tinulungan ni Manoka na makaahon sa kumunoy si Mikmik.
   C. Niyakap ng mahigpit ni Manoka ang kapatid para mawala na ang takot nito.
   D. Lahat na binanggit ay wasto.

10. Ano ang aral na makukuha sa nabasang pabula?
   A. Dapat na paniwalaan ang sinasabi ng karamihan.
   B. Tanggapin ang katotohanan nang walang alinlangan.
   C. Nasa huli ang pagsisisi kaya’t pag-isipang mabuti ang bawat desisyon.
   D. Maging masunurin sa habilin ng magulang para maiwasan ang sakunang kahihinatnan.




# Aralin 1 Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan





1. Pabula – kuwentong ang pangunahing tauhan ay mga hayop na kumikilos at nagsasalitang parang tao.
2. Kuwento – nagsasalaysay ng mga pangyayari tungkol sa pangunahing tauhan.
3. Tekstong pang-impormasyon – naglalahad ng mga impormasyon tungkol sa paksa.
4. Usapan – pag-uusap ng dalawa o higit pang tauhan tungkol sa isang paksa o isyu.

Malinaw na ba sa iyo ang gagawin mong paglalakbay? Kung gayon, ipagpatuloy na natin ang ating pag-aaral!



## Balikan





Piliin sa kahon ang angkop na salita para sa sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *Sino* | *Saan* | *Bakit* | *Ano* | *Kailan* | *Paano* |

1. ________ ang tauhan sa kuwento?
2. ________ ka pupunta sa darating na bakasyon?
3. ________ ang natutuhan mo sa aralin kahapon?
4. ________ kailangan ng bata na pumasok sa paaralan araw-araw?
5. ________ mo maipapakita sa iyong guro na marunong ka nang bumasa?

Ano ang nakuha mong marka? Mataas man o mababa ang nakuha mong marka, simula pa lamang ito ng ating paglalakbay at sa mga susunod na gawain tiyak na mas matututo ka pa. Tayo na!

# Tuklasin




Basahin mo ang kaniyang kuwento na pinamagatang "Pangarap". Pagkatapos, sagutin ang mga tanong tungkol sa kaniyang buhay. Titik lamang ang piliin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Pangarap**

"Inay! Inay! Hingal na hingal sa pagtakbo habang tinatawag ni Loisa ang kaniyang ina. "Naku! Anak, dahan-dahan ka naman sa pagsigaw at pagtakbo. Ano ang nangyari sa iyo at parang masayang - masaya ka ngayon," tanong ng kaniyang ina.

"Nanay, saan po si tatay?" tanong ni Loisa sa ina. "Ewan ko, baka nasa kusina," sagot ng nanay na may pag-aalinlangan. "Inay, alam mo, nakakuha ako ngayon ng mataas na marka sa aming pagsusulit, kaya natuwa ang aking guro sa akin," tuwang-tuwang balita ni Loisa sa kaniyang ina.

"Salamat anak, masipag at masunurin kang bata sa iyong pag-aaral, sana huwag mo kaming biguin ng iyong ama," paalala ng ina kay Loisa. Biglang niyakap ni Loisa ang ina. "Maraming salamat din po sa inyo ni itay, inay, gagalingan ko pa po ang aking pag-aaral. Gusto ko rin na makatapos ng pag-aaral at makamit ang aking ninanais na kurso, makapagtrabaho at makatulong na rin sa inyo ni itay. Palagi ko pong pinapanalangin sa Panginoon na maabot ko ang aking pangarap.

Ito ang buhay ni Loisa punong-puno ng pag-asa dahil na rin sa tulong at gabay ng kaniyang mga magulang.

***Katha ni: Maribel M. Baltar***

**Mga tanong:**

1. Sino ang hinahanap ni Loisa sa ina?
   A. Kaklase, dahil mag-aaral sila.
   B. Kaibigan, dahil mamasyal sila.
   C. Kapatid, dahil yayain niya itong maglaro.
   D. Ama, dahil may maganda siyang ibabalita.

2. Ano ang magandang balita na dala ni Loisa?
   A. Nanalo siya sa paligsahan.
   B. Mataas ang markang nakuha niya sa pagsusulit.
   C. Natapos na niya ang proyektong ipinapapasa ng kaniyang guro.
   D. Pinuri siya ng kaniyang guro dahil sa husay na kaniyang ipinamalas.

3. Ayon sa ina, nasaan ang tatay ni Loisa?
   A. nasa banyo
   B. nasa kusina
   C. nasa kuwarto
   D. nasa sala
4. Ano-ano ang pinapangarap ni Loisa sa kaniyang buhay?
   A. Pangarap niyang makatapos ng pag-aaral upang makapagtrabaho.
   B. Pangarap niyang makapagtapos ng pag-aaral upang makatulong sa kaniyang mga magulang.
   C. Pangarap niyang matapos ang nais niyang kurso upang matulungan ang kaniyang mga magulang.
   D. Pangarap niyang makatapos ng pag-aaral, makamit ang nais na kurso, makapagtrabaho at makatulong sa kaniyang mga magulang.
5. Bakit kailangang maabot ni Loisa ang kaniyang mga pangarap?
   A. Gusto niyang makapagtrabaho.
   B. Gusto niyang makatulong sa kaniyang magulang.
   C. Gusto niyang umangat ang kanilang pamumuhay.
   D. Gusto niyang maging maganda ang kaniyang kinabukasan.



Naunawaan mo ba ang kuwento ni Loisa? Mabuti! Tiyak na masasagot mo ang isa pang tanong kaugnay ng binasa mong kuwento.

Kung ikaw si Loisa, gagayahin mo rin ba siya? Paano?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
_______________________________________________________________

Marami ka bang natutuhan kay Loisa? Magaling! Mahalaga na tinutupad natin ang ating mga pangarap kaya pagbutihin mo pa ang iyong pag-aaral.

## ***Suriin***

Napukaw ba ang iyong kaisipan at interes sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang kuwento?

Dagdagan pa natin ang iyong kaalaman tungkol sa ating aralin. Basahin at unawain mo lang ang impormasyong ito:

Mahalagang matutuhan ang pagsagot sa mga tanong tungkol sa anumang mapakikinggan/mababasang gaya ng pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon, at usapan dahil sa pamamagitan nito maipakikita ang pag-unawa rito.

Basahin:

1. Ang **Sino** ay sumasagot sa ngalan ng tao lamang.

   Halimbawa: Sino ang hinahanap ni Loisa sa ina?

   Sagot: Ang hinahanap ni Loisa sa ina ay ang kaniyang **itay**.

2. Ang tanong na **Ano** ay sumasagot sa ngalan ng bagay at pangyayari.

   Halimbawa: Ano ang magandang balita na dala ni Loisa?

   Sagot: Ang magandang balita na dala ni Loisa sa ina ay ang pagkakuha niya ng **mataas na marka sa pagsusulit**.

3. Ang **Saan** ay ginagamit sa tanong upang matukoy ang pinangyarihan o lugar kung saan ginaganap ang kilos.

   Halimbawa: Ayon sa ina, nasaan ang tatay ni Loisa?

   Sagot: Nasa **kusina** ang itay mo.

4. Ang **Kailan** ay tumutukoy sa panahon.

   Halimbawa: Kailan nag-usap sina Loisa at ang kaniyang ina?

   Sagot: Pag-uwi niya ng **hapon** pagkatapos ng klase.

5. Ang **Bakit** ay ginagamit kapag humihingi ng kadahilanan ng pangyayari.


   Halimbawa: Bakit kailangang maabot ni Luisa ang kaniyang pangarap?

   Sagot: Gusto ni Loisa na **makatapos ng pag-aaral, makatrabaho, at makatulong sa pamilya.**

6. Ang **Paano** na tanong ay para masagot ang pamamaraan sa isang kilos o sitwasyon. Ito ay dagdag na pagpapaliwanag sa isang proseso.

   Halimbawa: Kung ikaw si Loisa, gagayahin mo rin ba siya? Paano?

   Sagot: Opo, dahil sa kaniyang pangarap nakapagtapos siya ng kaniyang pag-aaral at nagsilbing inspirasyon sa kaniyang adhika.




## ***Pagyamanin***

**Gawain 1**

Isa sa kayamanan natin na hindi mapapalitan ay ang pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang hindi magkasakit. Isa sa mga sakit na tumatama sa tulad mong bata ay ang Dengue.

Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.



**Lutasin...Dengue**

Nakakatakot! Nakakapagbahala! Matinding pinsala ang hatid ng dengue sa karamihan. Halos araw-araw ay nakapagtatala ng namamatay at ang nakalulungkot dito karamihan sa tinatamaan ng sakit na ito ay mga kabataan.

Kaya naman bago pa magtuloy-tuloy ang pagtaas ng bilang ng mga apektado ng dengue ay kumilos na tayong lahat. "Kilos, Pilipino," panawagan ng Pangulong Duterte. Makipagtulungan tayo sa ating komunidad sa pagpapanatili ng kalinisan. Maging masigasig din ang bawat lokal na pamahalaan sa pagtutok at pagbibigay ng tamang ayuda sa nasasakupan para sa mas epektibong kontra dengue.

Ugaliin sana nating lahat na maging malinis ang ating kapaligiran pati na rin ang lahat ng bagay kung kinakailangan.


**Sariling katha ni: Marijo N. Panuncio**

**Mga tanong:**

1. Ano ang pinag-uusapan sa teksto?
   A. Lutasin ang Dengue
   B. Maging malinis
   C. Maging malusog
   D. Matakot sa sakit

2. Batay sa binasang teksto, anong sakit ang naghatid ng matinding pinsala sa karamihan?
   A. *COVID-19*
   B. Dengue
   C. Malaria
   D. Zika Virus

3. Sa iyong naobserbahan at nabalitaan, ano ang sakit na Dengue?
   A. Ito ay nakatatakot.
   B. Ito ay nakamamatay.
   C. Ito ay dala ng lamok.
   D. Ito ay walang bakuna.
4. Sino-sino ang dapat na may gawing pagkilos upang mapigilan ang pagkalat ng sakit na ito?
   A. Gobyerno
   B. Bawat Pilipino
   C. Mga kabataan
   D. Pribadong Institusyon
5. Kalimitan, sino ang nagiging biktima ng sakit na ito?
   A. mga bata
   B. mga lalaki
   C. mga babae
   D. mga matatanda
6. Ano-ano ang dapat gawin upang malutas ang sakit na dengue?
   A. Panatilihin ang kalinisan
   B. Sumunod sa payo ng gobyerno
   C. Pangalagaan ang pangangatawan
   D. Makinig sa utos ng mga magulang




Bilang kabataan, ano ang maitutulong mo upang malutas ang dengue?

______________________________________________________________


______________________________________________________________

______________________________________________________________




**Gawain 2**

Basahin ang diyalogo ng magkaibigang France at Jo at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.



**Mga tanong:**


1. Sino ang magkaibigan?
   A. Sina France at Jo
   B. Sina Ana at Lino
   C. Sina Tony at Joe
   D. Sina Anita at Berto

2. Ano ang impormasyong nabasa nila sa paskilan?
   A. Anunsiyo tungkol sa palabas sa paaralan.
   B. Anunsiyo tungkol sa magaganap na sayawan.
   C. Anunsiyo tungkol sa gaganaping paligsahan.
   D. Anunsiyo tungkol sa gaganaping pagpupulong.

3. Kailan magaganap ang pagpupulong?
   A. sa Huwebes
   B. sa Linggo
   C. sa Lunes
   D. sa Sabado

4. Sino ang kailangang dumalo sa pagpupulong?
   A. Ang dadalo sa pagpupulong ay mga guro.
   B. Ang dadalo sa pagpupulong ay mga kabataan.
   C. Ang dadalo sa pagpupulong ay mga magulang.
   D. Ang dadalo sa pagpupulong ay mga barangay health worker.

5. Bakit kailangan dumalo sa pagpupulong ang kanilang mga magulang?
   A. Para makapaghanda sa darating na pagtatapos.
   B. Para mapabuti ang mga dapat gawin ng mga magulang.
   C. Para maintindihan at maunawaan ang mga pangagailangan ng mga bata.
   D. Lahat ng mga sagot ay tama.



# *Isaisip*


Mahusay! Sinikap mong sagutin ang lahat ng mga tanong tungkol sa iyong mga binasa. Tingnan naman nating kung ano pa ang mga natutuhan mo kaugnay dito.

Ngayon, sagutin mo ang mga tanong para matukoy ang iyong mga natutuhan.

1. Ano-ano ang mga isinaalang-alang na mga tanong para mapabilis ang iyong pagkaunawa sa mga detalye ng binasang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon, at usapan?

2. Ano naman ang isinasagot sa tanong na ***Sino, Ano, Saan, Kailan, Bakit, at Paano?***

3. Sa iyong palagay, kailangan mo bang pagsunod-sunorin ang mga tanong sa pagsagot sa mga binabasa mong babasahin? Bakit?




## *Isagawa*

Basahin ang patalastas o anunsiyo sa kahon. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

> Tinatawagan ang lahat ng batang may 8-12 taong gulang na lumahok sa patimpalak sa pagbigkas ng tula na gaganapin sa darating na Biyernes, Nobyembre 22, 2019 sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa silid-aralan ni Gng. Baltar. Para sa karagdagang impormasyon hinihiling na makipagkita kay Gng. Marijo Panuncio.
>
> Ang mga kalahok ay kailangang magsuot ng kasuotang Pilipino.

**Mga tanong:**

1. Ano ang tawag sa binasa mong teksto?
2. Anong timpalak ang sasalihan ng mga kalahok?
3. Sino-sino ang maaaring maging kalahok sa timpalak?
4. Kailan gaganapin ang nasabing patimpalak?
5. Saan gaganapin ang patimpalak ng tula?
6. Anong oras magsisimula ang patimpalak?
7. Kanino dapat makipag-ugnayan ang mga kalahok para sa karagdagang impormasyon?
8. Ano ang susuotin ng mga kalahok sa patimpalak?
9. Sa palagay mo, anong preparasyon ang kailangang gawin ng sinumang sasali sa patimpalak upang manalo?
10. Sa pagbasa at pakikinig ng anunsiyo o patalastas, bakit kailangang unawain nang maigi ang mensahe?



## *Tayahin*




Basahin ang usapan. Sagutin ang mga tanong at isulat sa papel ang iyong sagot.

Ang bansang Pilipinas ay madalas dalawin ng bagyo. Hindi natin ito maiwasan ngunit ang tindi ng epekto nito ay maaari nating mabawasan.

**Bb. Noble:** Sa kasalukuyan nagpapabago-bago na ang ating panahon, dulot ito ng climate change. Ang climate change ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ay ang pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng greenhouse gases na nagpapainit ng mundo. Naghahatid ang climate change ng iba't ibang sakuna gaya ng heat wave, pagbaha o tagtuyot. Mga bata, may mga epektong dulot ang climate change sa ating kalusugan, kabuhayan, at kaligtasan.

**Kokoy:** Ano-ano po ba ang dapat gawin upang makatulong kaming malutas ang suliraning ito?

**Bb. Noble:** Kaugnay ng iyong katanungan, may ipapakilala akong isang dalubhasa sa larangan ito. Siya si Dr. Nucio. Pakinggan ninyong mabuti ang kaniyang ibabahagi.

**Dr. Nucio**: Salamat, Bb. Noble. Mga bata, makatutulong tayo sa suliraning ito kung marunong tayong magtanim ng mga puno sa ating mga bakuran, iwasan din nating ang pagsunog ng mga basura, at ugaliing ireseklo ang mga kagamitang sa tingin natin puwede pang magamit muli. Ang lahat ng mamamayan ay dapat na makialam na mabawasan ang problema tungkol sa climate change kaya halina't kumilos at magsagawa ng mga bagay na kaiga-igaya.

***Sariling Katha ni Marijo N. Panuncio***

**Mga tanong:**

1. Sino-sino ang nag-uusap tungkol sa *climate change*?
   A. Sina Bb. Noble at Dr. Nucio
   B. Sina Bb. Noble at Kokoy
   C. Sina Dr. Nucio at Kokoy
   D. Sina Bb. Noble, Dr. Nucio, at mga bata

2. Ano ang madalas na kalamidad na nararanasan sa Pilipinas?
   A. Bagyo
   B. Baha
   C. Daluyong Bagyo (Storm Surge)
   D. Lindol

3. Anong bansa ang madalas dalawin ng bagyo?
   A. India
   B. Japan
   C. Pilipinas
   D. Thailand


4. Anong ahensiya ng gobyerno ang nanaliksik tungkol sa climate change?
   A. Department og Health (DOH)
   B. Department of Environment and Natural Resources (DENR)
   C. Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS)
   D. Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA)

5. Kailan nagaganap ang *climate change*?
   A. Nagaganap ito kapag nagbabago ang panahon.
   B. Nagaganap ito kapag hindi tayo nagtatanim ng puno o halaman.
   C. Nagaganap ito kapag basta na lamang tayo nagtatapon ng basura.
   D. Nagaganap ito kapag tumaas ang greenhouse gases na nagpapainit ng mundo.

6. Sa iyong pagkaunawa, ano ang *climate change*?
   A. Ito ay nagdudulot ng sakuna.
   B. Ito ay pagbabago ng klima o panahon.
   C. Ito ay ang tag-init at tag-ulan na panahon sa ating bansa.
   D. Ito ang dahilan kung bakit maraming bagyo sa ating bansa.

7. Ano-ano ang naging epekto ng *climate change* sa ating mundo?
   A. Nagdudulot ito ng sakuna.
   B. Nagdadala ito ng kalamidad.
   C. Nakaapekto ito sa ating kalusugan, kabuhayan, at kaligtasan.
   D. Naghahatid ito ng sakuna na nakakaapekto sa ating kalusugan, kabuhayan, at kaligtasan.

8. Sino-sino ang dapat magtulungan para hindi na lumala pa ang problema sa *climate change*?
   A. Gobyerno
   B. Kabataan
   C. Mamamayan
   D. Matatanda




9. Bakit kailangan mapanuri sa mga nagaganap sa ating kalikasan sa kasalukuyan?

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

10. Paano ka makatutulong upang maiwasan ang suliranin ukol sa *climate change?*

________________________________________________________________

# *Karagdagang Gawain*

Sa huling bahagi ng ating paglalakbay, may isa pang gawain na inihanda para sa iyo.

Mapupukaw ang iyong damdamin sa pagtulong sa kapwa tao sa malalang problema ng pandemyang covid19 sa kasalukuyan. Kaya mo na bang tumulong sa inyong barangay sa problemang ito?



Basahin ang sanaysay. Sagutin ang mga tanong sa sagutang papel.

**Pagkakaisa at Bayanihan Laban Pandemya**

Matamlay na umuwi si Tino Lunes ng hapon. Malungkot dahil isa siya sa apat na trabahador na pinaalis, mangyari'y humina ang kita ng Baber Shop na kaniyang pinagtatrabahuhan.

Ayon sa datos kamakailan lang, umabot na sa dawalang milyong Pilipino ang nawalan ng trabaho dahil sa COVID. Ito'y isang malinaw na indikasyon na hindi lang pandemya sa kalusugan ang dulot nito, kundi nagbubunga pa ito ng mas malalang mga problema sa mga mamamayan.

Nakalulungkot man isipin, ngunit kailangan na ng buong sambayanan na magkaisa at magbayanihan; nang sa gayo'y matulungan ang marami pang Tino na nawalan ng trahabo sa sambayanan.

***Sariling Katha: Maribel Baltar***

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong.**

1. Sino ang matamlay na umuwi noong Lunes ng hapon?
2. Saan nagtatrabaho ang mga trabahador na pinaalis?
3. Ano ang nangyari sa kanilang pinagtatrabahuhan?
4. Paano matutulungan ang mga nawalan ng trabaho?
5. Bakit maraming Pilipino ang nawalan ng trabaho?

Nasagot mo ba nang tama ang mga tanong? Binabati kita! Ngayon, napatunayan mong may kakayahan ka nang makasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyo, at usapan.

Batid kong naging masaya ka sa ating paglalakbay kaya naman sa susunod mong pag-aaral, asahan mong ako ay iyong makasasama sa **Modyul 2: Pagsagot ng mga Tanong sa Bakit at Paano**



# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. A
2. C
3. D
4. D
5. C
6. B
7. D
8. B
9. D
10. D

**BALIKAN**

1. Sino
2. Saan
3. Ano
4. Bakit
5. Paano

**TUKLASIN**

1. D
2. B
3. B
4. D
5. B
6. Iwasto ng guro ang sagot ng mag-aaral.

**PAGYAMANIN**

GAWAIN 1

1. A
2. B
3. C
4. B
5. A
6. A
7. Iwasto ng guro ang sagot ng mag-aaral.

**PAGYAMANIN**

GAWAIN 2

1. A
2. D
3. D
4. C
5. D

**ISAISIP**

1. Kailangang masagot ang mga tanong na ano, sino, kalian at paano.
    - Ang Sino ay sumasagot sa ngalan ng tao lamang.
    - Ang tanong na Ano ay sumasagot sa ngalan ng bagay at pangyayari.
    - Ang Saan ay katanungang ginagamit sa pagtukoy sa pinangyarihan o lugar na kung saan ginaganap ang kilos.
    - Ang Kailan ay tumutukoy sa panahon.
    - Ang Bakit ay ginagamit kapag humihingi ng kadahilanan ng pangyayari.
    - Ang Paano na tanong naman ay napapatungkol sa karagdagang pagpapaliwanag sa komplikadong proseso.
2. Opo, upang lubos na maunawaan ang binabasa.

**ISAGAWA**

1. **Patalastas / anunsiyo**
2. **Sa pagbigkas ng tula**
3. **Ang mga batang may gulang na 8-12**
4. **Gaganapin sa darating na Biyernes. Nobyembre 22, 2019**
5. **Gaganapin sa silid-aralan ni Gng. Baltar**
6. **Sa ika-1:00 ng hapon**
7. **Pupuntahan si Gng. Marijo Panuncio**
8. **Ang susuutin ng mga kalahok ay kasuotang Pilipino.**
9. **Kailangan mag anunsiyo at maghanap ng mga kasuotan.**
10. **Iwasto ang anumang sagot ng mga bata)**

Tayahin

1. D
2. A
3. C
4. D
5. D
6. A
7. D
8. C

9-10 Iwasto ng guro ang sagot ng mag-aaral

**Karagdagang Gawain**

1. Tino
2. Barber Shop
3. Humina ang kita ng Barber Shop na kanilang pinagtatrabahuhan.
4. Kailangan ng buong sambayanan na magkaisa at magbayanihan.
5. Dahil sa COVID.

## ***Sanggunian***


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PN-lj-28, p. 221
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 **F6PB-Ic-e-3.1.2** p. 119

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph